

Mga Madalas na Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs)

Pinalawig na Programang Pederal na Antas ng Karalitaan para sa Matatanda, Bulag at May Kapansanan

1. Masasaklawan pa din ba ako ng Medi-Cal?

Oo. Mayroon ka pa ring Medi-Cal. Kung may bahagi ka sa gastos, maaari kang maging karapat-dapat sa libreng Medi-Cal mula Disyembre 1, 2020.

2. Bakit maaaring magbago ang aking Medi-Cal?

Simula sa Disyembre 1, 2020, isang bagong batas sa California ang magtataas ng bilang ng mga taong karapat-dapat para sa libreng Medi-Cal.

3. Ano ang kailangan kong gawin?

Wala kang kailangang gawin sa ngayon. Ang iyong county ang magpapasya kung ikaw ay karapat-dapat. Kung ikaw ay karapat-dapat, ipapalista ka nila para sa libreng Medi-Cal. May matatanggap kang sulat mula sa koreo na magsasabi tungkol sa pagbabagong ito.

4. Paano kung mayroon akong bahagi sa gastos ngayon?

Kung may bahagi ka sa gastos at pumunta sa libreng Medi-Cal (Medi-Cal na walang bahagi sa gastos) sasabihan ka tungkol sa naturang pagbabago.

5. Kung karapat-dapat ako para sa libreng Medi-Cal, kailangan ko ba ng bagong Card ng Pagkakakilanlan para sa Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) para magamit ang mga serbisyo ng Medi-Cal?

Hindi. Mananatiling aktibo ang iyong BIC (Medi-Cal card). Mananatiling pareho ang numero ng iyong ID. Maaari mong patuloy na gamitin ang iyong Medi-Cal sa pagbabayad sa mga pinahintulutang serbisyo. Walang magiging puwang sa pagsaklaw. Kung wala kang BIC, tawagan ang opisina ng iyong county. Humingi ng bagong card.

6. Kung karapat-dapat ako para sa bagong programang ito, magbabago ba ang pamamaraan sa paggamit ng serbisyo ng Medi-Cal?

Maaari. Kung hindi ka napapaloob sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaaring kailanganin mong magpalista sa tulad nito pagkatapos ng mga pagbabago. Bago ka sumali sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaari kang makatanggap ng benepisyo mula sa bayad-para-sa-serbisyo o fee-for-service (regular) na Medi-Cal. Kung magpapalista ka sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, makakakuha ka ng card para sa planong pangkalusugan mula sa bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Laging ipakita pareho ang iyong BIC at ang planong pangkalusugan na card tuwing magkokonsulta sa doktor, dentista o iba pang mga tagapagkaloob.

Tandaan: Ang pagpapalista sa planong pangkalusugan ay maaaring **kusang loob** (sariling desisyon) para sa iyo. Kung gayon, makatanggap ka ng isang sulat.

May nilalaman itong impormasyon at numerong maaaring tawagan para sa mga katanungan.

7. Ano ang pagkakaiba ng bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal at ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Ang bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal, na kilala rin sa tawag na “regular” na Medi-Cal, ay isang pagsaklaw ng seguro na hinahayaan ang pasyente na pumunta sa gusto niyang tagapagkaloob ng serbisyo na tumatanggap ng bayad-para-sa-serbisyo na Medi-Cal. Ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay isang pagsaklaw ng seguro na may “network” ng mga tagapagkaloob ng serbisyo na bahagi ng nasabing plano. Nakabatay ang iyong mga pagpipilian sa county kung saan ka nakatira at kung ikaw ay mayroong Medicare.

8. Paano ko mapapanatili ang isang tagapagkaloob ng bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal?

Maaari mong mapanatili ang isang tagapagkaloob ng bayad-para-sa serbisyo na Medi-Cal kung ito ay isa sa mga pagpipilian sa iyong county. Basahin ang FAQ 12 at FAQ 15 upang higit na malaman ang tungkol sa mga ito.

9. Paano gagana ang aking Medi-Cal kasama ang aking planong Medicare?

Kung ikaw ay kwalipikado para sa parehong Medi-Cal at Medicare , makukuha mo ang karamihan sa iyong serbisyong medikal at niresetang gamot sa Medicare . Ang Medi-Cal ay may mga programa na maaaring magbayad ng ilang benepisyo na hindi kayang ganap na sagutin ng Medicare. Maaari ring bayaran ng Medi-Cal ang iyong bayad sa seguro o mga premium para sa Medicare. Ang mga taong saklaw ng parehong Medi-Cal at Medicare ay hindi na kailangan pang magpalista sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maliban lang sa mga county na tanging planong pangkalusugan ng Medi-Cal ang inaalok. Kahit hindi mo kailangang magpalista sa isang plano, maaari mo pa ring gawin ito.

10. Ano ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay isang segurong pangkalusugan na nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa Medi-Cal. Ang mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay siya ring nagsasaayos ng paraan kung paano makakakuha ng pangangalaga ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Wala kang kailangang bayaran. Nakikipagtulungan ang plano sa iyong mga doktor upang pamahalaan ang iyong pangangalaga at tiyaking nakakakuha ka ng mga serbisyong kailangan mo upang manatiling malusog.

Sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, dapat kang pumunta sa mga doktor na kaanib sa plano, na may ilang mga pagbubukod. Maaari kang magpatingin, matingnan ng espesyalista, mapangalagaan laban sa talamak na kondisyon tulad ng diyabetes o makapagpa-opera. Saklaw ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal ang karamihan sa mga kinakailangang serbisyong medikal. Kung hindi saklaw ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal ang serbisyong iyong kailangan, matutulungan ka ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal na makuha mo ang serbisyo sa pamamagitan ng iba pang programa ng Medi-Cal o bayad- para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal.

11. Paano ako pipili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Nakabatay sa county kung saan ka nakatira ang iyong mga pagpipilian sa planong kalusugan ng Medi-Cal. Kung nalipat ka sa libreng programa ng Medi-Cal, makatatanggap ka ng pakete ng pagpapalista sa koreo na may nakalakip na impormasyon kung paano makapipili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Ipapaliwanag dito ang mga planong pangkalusugan ng

Medi-Cal na iyong pagpipilian at kung paano magpalista. Kung ikaw ay may doktor o klinika na, tanungin kung sila ay kaanib sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county. Kung gusto mong manatili sa iyong doktor o klinika, maaari mong piliin ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na iyon.

Kung ikaw ay may kumplikadong kondisyong medikal at kailangang magpatingin sa doktor o klinika na hindi kaanib sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa iyong county ngunit tumatanggap ng bayad-para-sa-serbisyo na Medi-Cal, maaari ka pa ring patuloy na magpaserbisyo sa kanila. Punan at ipadala ang "Medical Exemption Request" form na kasama ng Pakete ng Napiling Pagpapalistahan (Enrollment Choice Packet). Kung ipinagkaloob ang Medical Exemption Request, hahayaan ka nitong manatili sa bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal at patuloy na magpatingin sa iyong doktor.

Kailangang kumpletuhin ng iyong doktor ang isang bahagi ng form. Kailangan mong kumpletuhin ang natitirang bahagi ng form at ibalik ito sa Health Care Options. Maaari kang humingi ng tulong mula sa iyong doktor o klinika o mula sa isang tagapagtaguyod. Kung nakatira ka sa isang county na may Medi-Cal sa pamamagitan ng County Organized Health System (COHS) o programang Coordinated Care Initiative (CCI), maaaring hindi ka makahingi ng Eksempyong Medikal. Maaaring ito ay dahil walang mga bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na doktor sa iyong county.

Kung hindi ka pumili ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ngunit kailangan mong magpalista sa isa rito, ang Medi-Cal ang pipili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa county mo para sa iyo. Maliban lang kung ikaw ay nakatira sa isang COHS county, bawat buwan magkakaroon ka ng karapatan na baguhin ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

Kung nais mong baguhin ang iyong plano, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077). O pumunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>. Kung binago mo ang iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, dapat kang magpalista sa isa pang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa parehong county. Hindi ka maaaring bumalik sa bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal.

12. Paano ako makakakuha ng pangangalaga bago ako makasama sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Kung ikaw ay hindi nasa COHS na county, sa buwan na lumipat ka sa libreng Medi-Cal ay magkakaroon ka ng bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal hanggang sa sumali ka sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Maaari kang pumunta sa kahit sinong doktor na tumatanggap ng bayad-para-sa-serbisyo na Medi-Cal. Upang makahanap ng doktor, gamitin ang online na listahan ng mga doktor sa programang bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) ng Medi-Cal. Ang listahan ay nasa <https://data.chhs.ca.gov/dataset/profile-of-enrolled-Medi-Cal-fee-for-service-ffs-providers>. Kapag tumawag ka sa tanggapan ng doktor, tanungin kung tumatanggap sila ng mga bagong pasyente na "bayad-para-sa-serbisyo ng Medi-Cal".

13. Sino ang magiging doktor ko kung ako ay nasa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Kapag ikaw ay nasa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, kailangan mong pumili ng isang doktor ng pangunahing pangangalaga na kaanib sa iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal, kasama ang ilang mga pagbubukod sa mga CCI na county. Maaari mong alamin sa iyong doktor kung siya ay kaanib sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county. Kung kaanib ang iyong doktor sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county, maaari mong mapanatili ang iyong doktor sa pamamagitan ng pagpili ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal na kaanib sila. Pagkatapos, piliin ang nasabing doktor kapag nagpalista ka sa plano.

Kung kailangan mo ng isang doktor, sasabihin sa iyo ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal kung saan makakahanap ng listahan ng mga doktor online. Maaari mo ring hilingin sa kanila na padalhan ka ng isang listahan ng mga doktor. Kung hindi ka pumili ng doktor, ang plano ang pipili para sa iyo. Maaari kang magpalit ng doktor anumang oras. Para sa tulong sa paghahanap ng isang doktor o upang baguhin ang iyong doktor, tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Kung ikaw ay nasa isang COHS na county, maaari mong tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro ng planong pangkalusugan ng COHS Medi-Cal sa iyong county. Tanungin kung maaari ka pang magpatingin sa iyong doktor kapag nagpalista ka na sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

14. Maaari ko bang panatilihin ang aking doktor kung ang aking doktor ay hindi kaanib sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Kung nagpatingin ka sa doktor sa loob ng nakaraang 12 buwan at ang doktor ay hindi kaanib sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, maaari kang humiling ng pagpapatuloy sa pangangalaga. Kung sumang-ayon ang doktor at ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na patuloy na magtulungan, maaaring ipagpatuloy ang pagpapatuloy sa iyong doktor hanggang sa karagdagang 12 buwan. Kung nais mo ng pagpapatuloy ng pangangalaga, tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

Kung hindi ka nakatira sa isang COHS county, may kumplikadong kondisyong medikal, at ang iyong doktor ay wala sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa iyong county, maaari mong hilingin na punan ang form na “Medical Exemption Request” upang hilingin na patuloy na magpatingin sa iyong doktor.

15. Magbabayad ba ako ng co-payment sa aking planong pangkalusugan ng Medi-Cal?

Hindi. Walang mga co-payment. Saklaw ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal ang lahat ng gastusing medikal para sa mga saklaw na serbisyong medikal na kinakailangan.

16. Ano pa ang ibang mga serbisyo na makukuha ko?

Serbisyong Dental

Maaari kang makakuha ng serbisyong dental sa pamamagitan ng Medi-Cal.

- Kung ikaw ay nakatira sa County ng Sacramento, makakakuha ka ng serbisyo sa pamamagitan ng planong Medi-Cal Dental Managed Care. Upang malaman ang higit pa

tungkol sa mga Medi-Cal Dental Managed Care na plano, tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077). O punan ang Form para sa Napiling Serbisyong Dental sa inyong Pakete ng Napiling Pagpapalistahan (Enrollment Choice Packet).

- Kung ikaw ay nakatira sa County ng Los Angeles, makakakuha ka ng serbisyo sa pamamagitan ng Programang Dental ng Medi-Cal sa pamamagitan ng bayad-para-sa-serbisyo na (regular Medi-Cal) para sa mga serbisyong dental o isang Medi-Cal Dental Managed Care na plano. Upang higit na malaman kung paano magpalista sa Medi-Cal Dental Managed Care na plano, tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY: 1-800-430-7077). O punan ang Form para sa Napiling Serbisyong Dental sa inyong Pakete ng Napiling Pagpapalistahan.
- Para naman sa lahat ng iba pang county, makakakuha kayo ng bayad-para-sa-serbisyo o fee-for-service (regular) na serbisyong dental ng Medi-Cal sa pamamagitan ng Programang Dental ng Medi-Cal. Kailangan mong pumunta sa isang tagapagkaloob ng serbisyong dental na tumatanggap ng Medi-Cal Dental. Upang makahanap ng isang tagapagkaloob ng serbisyong dental, maaari mong tawagan ang Medi-Cal Dental Telephone Service Center sa 1-800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922), Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Libre ang tawag. Maaari ka ring makahanap ng isang tagapagkaloob ng serbisyong dental at impormasyon tungkol sa mga serbisyong dental sa Programang Dental ng Medi-Cal na “Smile, California” kung saan ang website ay <http://smilecalifornia.org/>.

Mga Serbisyo sa Pagpapalano ng Pamilya

Kasama sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya ang mga serbisyong ukol sa reproduktibo at sekswal na kalusugan. Kasama sa mga serbisyo ang mga kontraseptibo, pagsusuri at paggamot ng mga impeksiyong nakukuha sa pakikipagtalik, mga serbisyo para sa pagbubuntis, at pagpapalaglag. Bilang benepisyaryo ng Medi-Cal, ikaw ay may karapatang pumili ng kahit sinong tagapagkaloob ng serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Kasama dito ang mga tagapagkaloob sa labas ng network ng iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. Upang malaman ang higit pa, makipag-ugnayan sa iyong planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

Mga Serbisyo Para sa Pangkaisipang Kalusugan

Kung kailangan mo ng mga serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan, makipag-usap sa iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal o sa iyong doktor. Maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan sa pamamagitan ng iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal. O maaaring isangguni ka ng plano sa plano para sa pangkaisipang kalusugan ng Medi-Cal sa iyong county para sa mga serbisyo para sa nauugnay na serbisyo. Maaari ka ring makakuha ng mga serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan sa pamamagitan ng plano para sa pangkaisipang kalusugan sa iyong county, nang walang pagsangguni.

Mga Serbisyo sa Paggamot sa Pagkalulong sa Alak at Droga

Kung may problema ka sa pagkalulong sa alak o droga, maaari kang makakuha ng isang

pagsusuri upang makita kung mayroon kang sakit sa paggamit ng droga (substance use disorder, SUD). Ang SUD ay isang pabalik-balik na sakit sa utak na maaaring magamot. Saklaw ng Medi-Cal ang marami sa mga serbisyong nauugnay sa SUD. Ang iyong bagong planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay makakatulong sa paghanap ng isang tagapagkaloob para sa iyo. Maaari mo ring tawagan ang kagawaran sa kalusugan ng pag-uugali ng inyong county para sa mga serbisyo.

Mga Serbisyo sa Parmasya

Kung ikaw ay may reseta mula sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring masaklawan ng Medi-Cal ang mga iniresetang gamot sa iyo kung wala kang ibang pagsaklaw sa iniresetang gamot, o kung mayroon ka ng ibang pagsaklaw sa iniresetang gamot ngunit ang iyong gamot ay hindi saklaw ng planong iyon. Kung karapat-dapat kang makakuha ng Medicare, saklaw ng Medicare Part D ang karamihan sa mga reseta, at dapat mong bayaran ang anumang co-payment. Babayaran lamang ng Medi-Cal ang ilang gamot na wala sa Part D ng iyong plano.

Hindi Medikal na Transportasyon at Hindi Pang-emerhensyang Medikal na Transportasyon

Kung wala kang paraan upang makapunta sa doktor, klinika, dentista, o makakuha ng gamot o iba pang serbisyo na saklaw ng Medi-Cal, maaari kang maging karapat-dapat para sa Hindi Medikal na Transportasyon. Gayundin, kung nangangailangan ka ng tulong sa transportasyon dahil sa isang medikal at/o pisikal na kondisyon, maaari kang maging karapat-dapat para sa Hindi Pang-emerhensyang Medikal na Transportasyon. Ang Hindi Pang-emerhensyang Medikal na Transportasyon ay sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi maaaring gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Kakailanganin mo ang isang reseta mula sa isang lisensyadong tagapagkaloob ng serbisyo upang humiling ng Hindi Pang-emerhensyang Medikal na Transportasyon. Ang iyong doktor, dentista, podiatrist, o tagapagkaloob para sa pangkaisipang kalusugan o pagkalulong sa droga ay maaaring magreseta ng Hindi Pang-emerhensyang Medikal na Transportasyon para sa iyo. Kung kumuha ka ng Medi-Cal sa pamamagitan ng isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal, tumawag sa mga serbisyo para sa mga miyembro upang humiling ng transportasyon. Kung ikaw ay nasasailalim sa bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal, maaari kang makahanap ng isang kumpanya ng transportasyon sa: <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Documents/List-of-Approved-Nonmedical-Transportation-Providers.pdf>.

Kung walang nakalistang tagapagkaloob para sa iyong lugar, hindi ka makakuha ng transportasyon mula sa mga nakalistang tagapagkaloob, o ikaw ay napapasailalim sa bayad-para-sa-serbisyo (fee-for-service) na Medi-Cal, maaari kang humingi ng tulong sa pamamagitan ng email sa DHCS-Benefits@dhcs.ca.gov. **Huwag** maglagay ng personal na impormasyon sa iyong unang email. Ang mga tauhan ng Department of Health Care Services (DHCS) ang sasagot sa iyo gamit ang email na may seguridad. Hihingi sila mula sa iyo ng impormasyon. Mainam na hilingin ang serbisyo nang hindi bababa sa limang araw bago ang iyong appointment.

17. Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon o tulong?

Tawagan ang Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Helpline sa 1-800-541-5555 o TTY 1-800-430-7077. Libre ang tawag. Maaari mo ring tawagan ang Tanggapan ng DHCS Ombudsman sa 1-888-452-8609, o para sa TTY, i-dial ang 711 (para sa California State Relay), Lunes hanggang Biyernes 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon. Libre ang tawag. O mag email sa kanila sa MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. Ang Tanggapan ng Ombudsman ay tumutulong sa mga taong may Medi-Cal na gamitin ang kanilang mga benepisyo at maunawaan ang kanilang mga karapatan at responsibilidad.